# Bagong Quezon City Jail

Balita · 10 Sep 2018 · 3 · Jun Fabon

Pinangunahan ni Mayor Herbert Bautista at BJMP Director Chief Supt. Deogracias anq ground breaking ng 2.4 ektaryang pasilidad ng Quezon City Jail sa Barangay Bagong Silangan, iniulat kahapon ni PIO Chief Xavier Solda.

Ayon kay Deogracias, maiibsan nito ang problema ng QCJ na isa sa pinakamasikip na detention facilities sa bansa na mayroong 4,153 preso katumbas ng 1,381 % congestion rate.

Inaasahang maililipat ang QCJ, mula sa kanto ng EDSA-Kamuning Road, sa bago nitong pasilidad sa 2019.

"The Quezon City jail has a lot size of 1,381 square meters vis-a-vis the standard space of 4.7 square meters per person under the National Building Code, and It is good for 280 detained persons only," saad ni Solda.

Naglaan ang pamahalaan ng P1.409 bilyon para sa konstruksiyon ng bagong QCJ, habang ang city government ay nagkaloob ng P120-milyong lote.